Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagtukoy ng kasarian ng pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*, kasarian - *gender*

Panuto: Isulat sa patlang ang kasarian ng pangngalan na may salungguhit. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PB (pambabae), PL (panlalaki), DT (di-tiyak ang kasarian), at WK (walang kasarian).

1. WK Ang lungsod ng Baguio ang tinaguriang *Summer Capital* ng Pilipinas.
2. PL Ang kuya mo ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.
3. DT Ang kapatid ko ay ang bata na nakasuot ng pulang damit.
4. DT Magandang regalo ito sa kaarawan ng pinsan ko.
5. PB Tama amg sukli sa akin ng tindera sa palengke.
6. PB Lapitan mo ang ale na nagtitinda ng turon sa kanto.
7. PL Si Ginoong Marciano ang ninong namin sa kasal.
8. DT Maagang dumarating sa paaralan ang aming punong-guro.
9. WK Madalas tamaan ng bagyo ang mga lalawigan sa hilaga ng Luzon.
10. PL Nagpagawa ako ng pantalon at polo sa sastre.
11. PB Ang panganay kong ate ang nagpapaaral sa bunso ng pamilya.
12. DT Ang kaibigan ko ay dating miyembro ng tanyag na banda.
13. PB Mga madre ang nag-aalaga sa mga naulilang sanggol.
14. DT Malaking responsabilidad ang pag-alaga ng malaking hayop tulad ng kabayo.
15. WK Ano ang kulay ng bisikleta ng tito ni Kahlil?
16. DT Iboto natin ang karapat-dapat na kandidato sa halalan.
17. DT Ang pagbayad ng tamang buwis ay tungkulin ng mabuting mamamayan.
18. PB Ang gatas mula sa ina ang pinakamainam para sa kanyang sanggol.
19. PL Agad sumunod sa utos ng hari ang prinsipe.
20. WK Mataas ang mga gusali at magara ang mga sasakyan sa Makati.

Para sa karagdagang puntos, bilugan ang isa pang pangngalan sa bawat pangungusap at isulat ang kasarian nito sa ibabaw ng salita. Gamitin ang mga titik na ibinigay sa panuto.